# 1

Kasalukuyan silang nasa loob ng kotse ni William. He suddenly pulled over a curb. Pagkatapos ay dumukot ito ng isang malinis na panyo.

"Ano na naman ba 'to?" natatawang protesta ni Stephanie. Pinipiringan ng binata ang kanyang mga mata.

"May nakikita ka pa ba?" paniniyak nito, inaayos pa rin ang pagtatali ng panyo.

"Wala na po, 'no!" kunwa'y asar niyang tugon.

"Good. Ayaw kong masira ang surprise ko," narinig niyang tugon ng kasintahan.

Naramdaman niya ang halik nito sa kanyang pisngi.

"What was that for?" nangingiti niyang tanong.

"Wala lang. Ang cute mo kasi," tugon nito habang inaalalayan siyang maglakad.

"Ano ba kasi ang surprise mo?" pangungulit ng dalaga.

"Kung sasabihin ko, di hindi na surprise? Wait

ka lang, sweetheart. Be patient."

Napangiti na lang siya sa sinabi nito habang sa likod ng kanyang isip ay nagsasalimbayan ang mga ideya kung ano talaga ang sorpresa nito.

Narinig niya ang tila pagbukas ng isang tarangkahang bakal.

"We're here?" tanong niya, akmang tatanggalin ang piring sa kanyang mga mata.

"Oops, not yet."

"Not yet?" reklamo niya.

Hinawakan nito ang kamay niya pagkatapos ay dahan–dahang tinanggal ang blindfold. Ilang saglit din siyang napatulala sa paligid.

In front of her was an expansive bungalow, beautifully and ornately painted in shades of green and white.

Isang magandang bahay ang sorpresa ni William sa kanya.

"It's yours, Steph."

"H-ha?" bulalas niya. May alinlangan na tinitigan niya ang binata.

Hinawakan nito ang nilalamig niyang kamay at sa isa niyang palad ay may inilagay itong maliit na kahita.

“Open it,” he said encouragingly. Nanginginig ang mga kamay na tumalima siya. Nang buksan iyon ay tumambad sa kanya ang isang bagay na kumikinang. It was a diamond ring.

Sa kabiglaan ay hindi siya nakapagsalita. Kinuha ni William ang singsing at hinawakan ang kaliwang kamay niya. “Will you marry me?”

“Oh, William…” was all she could say.

“I take that as a yes,” he half-asked.

Tumango siya.

Isinuot na nito ang singsing sa kanyang daliri. Then, he kissed her hand.

“Hindi ka magsisisi sa desisyon mo, Steph. I’ll make you happy, I promise.”

“I know,” she replied.

“Come, I‘ll show you around.” Hinapit nito ang baywang niya at iginiya siya papasok sa loob ng bahay.

Nalula si Steph sa ganda ng bungalow. Hindi

siya makapaniwalang ginastusan talaga ni William ang kanilang dream house.

"Masyado yatang malaki at magarbo itong bahay?" komento niya.

"You deserve it, sweetheart, kulang pa siguro."

Sobra siyang na-touch sa sinabi nito. Noon pa man, kapakanan na niya ang pinaka-concern nito.

"Tara na sa master's bedroom," anito.

Binuksan nito ang pinto. "For my queen..."

It was elegant. The room was splendidly furnished. There were ivory items and Persian rugs.

"Did you like it?"

"I-it's beautiful," she breathed.

"Bakit parang iwas na iwas ka yatang matitigan ang kama?" tukso nito.

"Hindi, ah!" namumulang tanggi niya.

"Tingnan nga natin kung kasya tayo?"

Pilyong hinila siya ng binata palapit sa kama. Umupo ang lalaki sa gilid samantalang nanatili siyang nakatayo.

"Maupo ka, sweetheart," aya nito, sabay tapik sa ibabaw ng kama sa tabi nito.

Nang hindi siya tuminag, hinatak ng binata ang kanyang kamay kaya napilitan na siyang umupo sa tabi nito.

"Are you afraid of me, sweetheart?" he mocked.

Namumula ang mga pisngi na umiling si Steph.

"You're blushing," he remarked. "Bakit?"

Pikon na kinurot niya ito sa tagiliran. "Kanina mo pa ako niloloko!"

Tumatawang niyakap siya ni William. "Ang sarap mo kasing biruin. Masyado kang pikon! Anyway, okay lang ba sa 'yo kung ito ang magiging love nest natin?"

Hinaplos niya ang pisngi ng nobyo. "It doesn't matter where, William, basta't kasama kita," puno ng emosyon na tugon niya.

"IT'S NICE TO hear that William has finally decided to take the plunge," ani Gwen nang ibalita ni Stephanie rito ang planong pagpapakasal. Naiinggit na sinipat nito ang suot niyang singsing. "Grabe,

kailan kaya ako makakapagsuot ng singsing na may ganyan kalaking bato?“

They were in their coffee shop. First year college pa lang sila ni Gwen ay pangarap na nilang magtayo ng negosyo. Isang coffee shop ang pinlano nila. Ang share niya sa capital ay pahiram ni William, na unti-unti na rin naman niyang nababayaran.

Ayaw talagang tanggapin ng nobyo ang bayad, pero nag-insist siya na ibalik dito ang puhunan.

“I’m so happy for the both of you, Steph. You’re perfect for each other. Kailan ang kasal?”

“December.”

“Ano ang napagkasunduan n’yong motif?”

“It’s either lavander or blue and silver.”

Naging dreamy ang mga mata ni Gwen. Niyakap pa nito ang sarili. “I always knew your wedding would be perfect!” Biglang nanamlay ang mukha nito. “Pero paano na ako? Mawawalan ako ng kasama sa condo.”

Mag-isa na lang si Gwen sa Pilipinas dahil ang mga magulang nito at kapatid ay nasa London na. Gwen owned the condominium unit. Inalok siya ng kaibigan na samahan ito sa pad. Para makatipid ay

pumayag siya.

“Oo nga. Mami-miss din kita,” aniya.

“Lalo na ako.” Mahigpit silang nagyakap.

LUNCH TIME at kasama ni Stephanie sa table ang ilang kaibigan. Kanina pa siya tuwang pinag-uusapan ng mga ito.

Ininguso ni Mylene ang daliri niya.

Kaagad niyang nahulaan na ang singsing na suot ang tinutukoy nito.

“Bigay ba ‘yan ni *Prince Charming*?” tukso nito.

Kailangan pa bang i-memorize ‘yan?” biro ni Elma.

“Ang laki naman ng brilyante!” ani Mylene.

“Ikaw na ang magka-boyfriend ng mayaman!” sabad ni Gwen.

Tawanan.

“Huwag n’yo na nga akong tuksuhin,” saway niya, namumula na ang mga pisngi.

Noon may lumapit na isang unipormadong

lalaki.

"Excuse me, Ma'am, kayo po ba si Miss Stephanie Rosales?"

Hawak ng lalaki ang isang pumpon ng mga bulaklak.

"Ako nga," sagot niya.

"Ipinaaabot po ni Sir William. Ibigay ko raw po sa inyo nang personal." Iniabot nito ang mamahaling bouquet sa kanya. "Paki-sign na lang dito, Ma'am Stephanie."

Nang makaalis ang delivery boy ay lalo siyang inulan ng tukso.

"Diyos ko, Duday! Inggit talaga ako!" sigaw ni Elma. "Baka naman may kapatid 'yang boyfriend mo? Ipakilala mo sa akin!"

"As if may pag-asa ka kung meron man!" pasaring ni Mylene.

Tawanan ulit.

Sa gitna ng tuksuhan at halakhakan ay binasa niya ang note na kalakip sa bouquet. Natilihan siya sa natunghayan.

*Sweetheart,*

*We're dining with Mom and Dad this evening. Look your best. I love you…*

*Kisses,*

*William*

# 2

Kabado siya nang patayin ni William ang makina ng kotse nito. Pinanood ni Stephanie ang binata habang inaalis nito ang susi sa ignition.

"We're here," he announced.

Napabuntong-hininga siya. "I'm nervous."

"And why so, pretty lady?"

"Paano kung tutol ang parents mo sa pagpapakasal natin?"

Natawa si William "What are you worried about? You've met them before. My parents really like you. Sila ang nag-convince sa akin na yayain ka nang pakasal."

She looked at him doubtfully. Parang mahirap paniwalaan ang sinasabi nito dahil napakalayo ng agwat nila sa buhay.

Hinawakan nito ang kanyang kamay at pinisil iyon. "Is there a reason for them not to like you? You're a very beautiful person, inside and out."

Bahagyang nabawasan ng sinabi nito ang agam-

agam niya.

Ipinagbukas siya ni William ng passenger door. “Shall we?”

Huminga siya nang malalim at saka tumango.

Tumuloy na sila sa loob ng hotel. Pumasok sila sa elevator. Hinawakan muli ni William ang nilalamig niyang kamay, nagpapadama ng assurance.

“Relax, will you? My parents don’t bite.” He smiled.

Gumanti lamang siya ng ngiti.

Tinungo nila ang reserved table para sa kanila. Wala pa roon ang parents ni William.

William pulled out a chair for her. Lumapit agad ang isang waiter sa kanila.

“Would you like something to drink, sweetheart?”

“Water lang, William. Parang tuyung-tuyo ang lalamunan ko sa nerbyos.”

Napansin niyang biglang nagliwanag ang mukha ni William nang may matanawan. Bumulong ito sa kanya. “They’re here, sweetheart.”

Dumagundong ang kanyang dibdib habang

sinusundan ang tingin nito. His parents were walking towards them.

The two looked so regal and dignified. She was sure that William's father was already in his late sixties, pero batang-bata pa itong tingnan. Gayon din ang asawa nito. William's mother was definitely one exotic lady.

"Sorry, we're late!" paumanhin kaagad ni Mrs. Maureen Suarez nang makalapit. "It was raining cats and dogs. Madulas ang daan! Our driver had to be careful."

Nagmamadaling tumayo si William para salubungin ang mga magulang at halikan ang ina sa pisngi.

Bumati rin sa kanya si Mr. Victor Suarez. Hinila nito ang isang upuan para sa asawa.

Bago umupo si Maureen ay bumaling ito kay Stephanie. "Hello, hija. I hope you wouldn't take this against us. Pasensya ka na at late kaming mag-asawa."

Kimi ang ngiti niya. "Good evening po, Tita. Wala po iyon. Kararating lang po namin ni William," aniya. Magalang siyang tumayo nang lumapit ito upang halikan siya sa magkabilang pisngi.

"I'm so glad you made it," ani William.

"We would not miss it for the world," anang ina.

Bahagyang naibsan ang pag-aalala ni Stephanie.

Tinawag ni Victor ang isang waiter. "Bring us a bottle of champagne. The finest, please."

"Are you trying to impress Steph, Dad?" biro ni William. Hindi maitago ang appreciation nito sa ginawa ng ama.

"Hijo, para saan ba talaga ang dinner date na ito?" tanong ni Victor nang nasa kalagitnaan sila ng pagkain.

Nagkatitigan silang dalawa. Nagpalipat-lipat ang tingin ni Maureen sa kanila. "Come on, what is it?"

William cleared his throat. "Mom, Dad..." He turned to Stephanie with loving eyes, "Stephanie and I have decided to tie the knot."

Namilog ang mga mata ng matandang babae sa tuwa. "That's the best news I've heard in a year, hijo! When's the wedding?"

"This December na sana, Mommy."

"Wow! I'm so excited…" ani Maureen, parang

napapaluha pa sa kaligayahan. “Parang ang tagal naman yata. April pa lang ngayon, mga anak…”

“There wouldn’t be any problem, Mommy. Magaling ang wedding planner namin.”

Nilingon siya ni Maureen at hinawakan ang dalawang kamay niya. “Welcome to the family, hija. Thank you for making me very, very happy tonight.”

“T-thank you, Tita,” aniyang tila may bikig sa lalamunan sa sobrang saya.

“Hija, masanay ka nang tinatawag kami na Mommy at Daddy, okay?” ani Victor.

Binulungan siya ni William. “See? I told you, walang problema sa parents ko.”

Isang masayang ngiti ang itinugon niya sa nobyo. Hindi siya makapaniwalang magiging ganito kadali ang paghingi nila ng permiso na magpakasal.

Naghiwalay silang apat sa parking lot. Naihatid na siya ni William sa condo unit nila ni Gwen ay hindi pa rin nabubura ang ngiti sa mga labi niya.

LUMIPAT NA si Stephanie sa biniling bahay ni William sa Dasmariñas Village pagkatapos ng

house blessing. Gusto kasi ng binata na naroon siya upang ihanda ang bahay bago sila tumira roon nang magkasama.

Sa *Manila Cathedral* nila planong idaos ang kasal. Isang cardinal ang mangagasiwa niyon.

Ngayon ay sinundo siya ng driver ni William upang bisitahin ang tatahi ng kanyang wedding gown.

Dumaan muna siya sa opisina ng kasintahan. Nadatnan niya na subsob ang ulo nito sa isang makapal na dokumento habang minamasahe ang sentido.

“Hi, sweetheart!” masiglang bati niya.

Gulat na napalingon ito at maamong ngumiti nang makita siya. Gayunman ay bakas pa rin sa guwapo nitong mukha ang stress na dulot ng pagtatrabaho buong maghapon.

“Busy?” she asked.

“Pinapasadahan ko lang itong sales report.” Tiniklop nito ang hawak na folder at sumandal sa executive chair, hinihilot pa rin ang ulo.

“Masakit ba?” nag-aalalang tanong ni Steph.

"Yes," ungol nito. "Kanina pa nga, eh."

"You want me to massage it for you?" Dagling ibinaba niya ang bitbit na shoulder bag at pumuwesto sa likuran ng upuan nito.

"Thanks, sweetheart." Inilapat nito nang maayos ang ulo sa headrest at ipinikit ang mga mata.

Idiniin niya ang mga daliri sa sentido nito at sinimulang igalaw ang mga iyon in small circles.

"That feels so good, sweetheart..."

Ipinagpatuloy niya ang pagmamasahe rito.

"I love you, sweetheart," he whispered. Hinapit siya ng lalaki sa baywang at iniupo sa mga hita nito. Napilitan siyang kumandong dito.

Hinawi nito ang buhok na tumatabing sa kanyang batok at saka siya hinalikan doon. Napahiyaw siya sa kiliti.

"Baka makita tayo ng secretary mo..." nahihiyang saway ni Steph, akmang tatayo sa pagkakaupo sa kandungan nito.

Napaigtad silang pareho nang biglang may pumasok. Si Macy iyon, ang secretary nito.

May dala itong sulat para kay William.

"Can I fix you both a cup of coffee?" malambing na tanong nito pagkaabot ng sobre.

"No, thanks," mabilis na tanggi ni William. "Aalis na rin kami ni—"

"I'd love a hot latte, thank you," pamamatlang niya.

"Okay, hot latte it is!" Macy closed the door behind her.

Nagkatinginan sila ni William.

"Ang galing talagang tumayming!" reklamo nito.

Ang lakas ng tawa ni Steph.

"YOU MAKE A HANDSOME PAIR," komento ng baklang designer.

Napangiti si William sa boladas nito. Nagkatinginan silang magkasintahan.

"'Sus, at ininggit pa akech!" Tinampal ng bading ang braso ni William. "Halika na, Miss Pretty at pumili ka na sa catalogue ng gusto mong design para sa wedding gown," baling nito kay Stephanie.

Natutok ang paningin niya sa isang Filipiniana

gown at agad inakala ni William na interesado siya roon.

"If you ask me, sweetheart, I prefer something sexier for you," he suggested.

Ngumuso siya. "Ano kaya ang bagay sa akin?"

"That is where I come in," palatak ni Renee, ang bading na designer.

ISANG GABING sinundo siya ni William ay napansin ni Stephanie ang pagiging matamlay nito. He sounded so distant. Kaya nang makarating sila sa bahay ay kaagad siyang nag-usisa.

"Why are you so quiet?" she asked, brushing a few strands of hair out of his right eye. "May problema ba?"

Umiling si William na waring may nagpapahirap sa isip nito.

"I'm... I'm leaving for the States next week."

Nagulat siya sa narinig. "Bakit ngayon mo lang sinabi?"

"Something came up."

"Business?"

Tumango ito. Malungkot itong tumitig sa kanya. "I'll miss you, Steph."

Inihilig niya ang ulo sa dibdib nito. "I'll miss you, too.  How long will you be away?"

"A couple of weeks..."

Hindi pa man ay nalulungkot na siya sa napipinto nitong pag-alis. Nasanay na siyang lagi itong kasama. Bihira talaga itong nawawala sa tabi niya.

"Kapag wala ako, take care of yourself. I know you always have a busy schedule sa coffee shop. Huwag kang masyadong magpapagod. Huwag mo ring kalimutang uminom ng vitamins."

Napatawa siya habang nakasandal pa rin sa dibdib ng lalaki. "Sweetheart, parang isang taon kang mawawala!"

Wala kahit lighthearted na tugon mula kay William kaya nagtatakang tumuwid si Steph ng upo para mabistahan ang mukha nito.

"Bakit ba ang seryoso mo ngayon?" She touched his face. Wala pa ring sagot mula rito. Mataman lang itong nakatitig sa kanya. Parang gusto nitong iukit

sa isipan ang kanyang mukha.

Bigla siyang kinabig ng nobyo at masuyong hinalikan.

Nilunod ng mga labi nito ang kanyang pagtataka at pag-aalala. Napapikit na lamang siya at hinayaang damhin ang halik nito.

# 3

Pinanonood ni Stephanie ang pag-usad ng eroplanong kinalululanan ni William.

Nagtataka siya sa sarili kung bakit masyado siyang nalulungkot ngayon gayong sanay siya sa mga business trips ng lalaki sa ibang bansa. Bakit may pakiramdam siya na hindi na sila muling magkikita pa ng nobyo?

Naisip niyang bisitahin ang kaibigang si Gwen. Tinawagan niya ito. Nagpasya silang magkita na lamang sa coffee shop. Baka babalik ang sigla niya kapag nakausap niya ang kaibigan.

PARANG KAY BAGAL ng mga araw. Nangungulila si Stephanie sa katipan kahit madalas siyang tawagan nito.

Inabala na lang niya ang sarili sa trabaho. Nagbabasa siya ng magazine sa lounge ng café nang tumunog ang kanyang cellphone. Lumukso ang puso niya nang makita sa screen ang pangalan ni William.

"Hi, sweetheart. Kamusta ka na?" bati nito sa kabilang linya.

"I'm missing you terribly," she replied. "How are you?"

"I'm fine," tila malungkot na tugon nito.

"Bakit ganyan ang boses mo?" concerned niyang tanong.

"Sinisipon lang ako, sweetheart. 'Must be the sudden change in temperature. Sinusunod mo ba ang bilin ko?"

"Sleep well, eat well and take my vitamins. Happy?" kunwa ay maktol niya.

Pero walang tawa o bakas ng pakikipagbiruan siyang narinig mula kay William. Napakunot-noo siya nang manahimik ito.

"William?" untag niya pagkuwan.

"S-sorry, medyo mahina ang signal dito and I can't hear you well."

"Are you sure you're okay?" she ascertained.

Narinig niya ang pagbuntong-hininga nito. "Yeah. Pagod lang ako..."

"Baka pinababayaan mo ang sarili mo d'yan?" sermon ni Steph. "When are you coming back?"

Saglit na katahimikan ang dumaan bago ito muling sumagot. "Next week, I guess."

She was disappointed. "Ganoon ba? I thought hanggang bukas ka na lang d'yan?"

"May mga kailangan pa akong ayusin dito, sweetheart," paliwanag nito. "Promise, I'll make it up to you." Saglit pa at nagpaalam na ito.

TWO DAYS mula nang huling tumawag si William ay nawalan sila ng communication. Gusto sana niyang makibalita sa ina ng nobyo, pero pinigil niya ang sarili. Gaano na ba kahaba ang dalawang araw?

Sa halip na sumama sa mga kaibigan na mag-bar hopping sa Malate ay ipinasya niyang mag-taxi papuntang Roxas Boulevard at maglakad-lakad doon.

May mangilan-ngilang magkasuyo ang naroroon at nagpapahangin. Naupo siya sa isa sa mga bakanteng wooden benches. Nayakap niya ang sarili dahil sa lamig. Tumingala siya.

*Ang malas*, naisip niya. *Mukhang uulan pa.*

Kaagad siyang pumara ng taxi para magpahatid pauwi. Wala pang trenta minutos ay nasa bahay na siya. She was inserting the lock when someone caught her gaze.

Standing a few feet away from her was William.

"WILLIAM!" galak na salubong ni Stephanie. Buong higpit na niyakap niya ang katipan, hindi pansin ang tila pag-aalinlangan nito. "I missed you. I'm so glad you're back..." naiiyak na sambit niya.

"Me, too," tipid nitong tugon.

Tumingala siya rito. "Kamusta ang lakad mo? Was it successful?"

He was unusually quiet. Nagtataka siya kung bakit parang mailap ang mga mata nito, pero di niya pinansin iyon.

Nagulat siya nang bigla siyang kabigin ng lalaki at ilapit sa dibdib nito.

Then he groaned as if in pain. "I promised I'd take care of you and I won't disappoint him."

Tama ba ang kanyang narinig? Kanino ito

nangako?

She leaned back in his arms and searched his soulful eyes. “H-hindi kita maintindihan.”

“Please, just let me hold you?”

Iba ang init ng yakap nito at naninibago man ay gusto niya iyon. She could stay in his arms forever.

Ipinikit ni Stephanie ang mga mata. Dinig na dinig niya ang tibok ng puso ng nobyo. Walang pagsidlan ang kanyang tuwa dahil kapiling na niyang muli ang lalaking minamahal!

NAKA-OFF ANG CELLPHONE ni William. Tinawagan ni Stephanie ang secretary nito na si Macy. Nalaman niyang hindi nag-report sa office ang lalaki. They were supposed to visit Renee, ang bading na designer ng kanyang wedding gown. Tumawag ito para sabihin na puwede na niyang isukat ang creation nito.

Naisip niyang puntahan ang binata sa family house ng mga ito sa White Plains. Pinatuloy siya ng mayordoma sa kuwarto ng nobyo. Napag-alaman niya na may party na dinaluhan ang mag-asawa.

Narinig niya ang lagaslas ng tubig sa banyo.

Nagsa-shower marahil si William.

Nakuntento siya sa paglapit at pag-upo sa kama. May mga nagkalat na sulat doon. Love letters. Napakunot ang noo niya. The letters were from her.

Mga sulat niya iyon kay William years ago.

Ipinasya niyang basahin ulit ang mga iyon. Kinuha niya ang isang sobre. Inilabas niya ang isang sulat na sinadya pa sa mabangong stationery paper. Napapangiti siya habang nagbabasa. Napaka-corny talaga ng tao kapag in love. Napatunayan niya iyon ngayon.

Narinig niya ang pagtunog ng pinto ng bathroom. Nalingunan niyang palabas ng banyo si William. Nakatapis lang ito ng puting tuwalya sa baywang.

Parang nagulat ito nang makita siya.

“Steph!”

“Hello,” kimi niyang bati. Parang ngayon pa siya napapahiya rito, ngayong malapit na silang ikasal.

Tingin niya ay tila lumapad at naging matipuno ang dibdib ng nobyo. Lumapit siya dito and as she embraced him, she found out there wasn‘t any softness in him.  He was all masculine….

"Surprised?"

"I wasn't expecting you…" walang kangiti-ngiting tugon nito.

"I was trying to reach you through your cellphone," paliwanag niyang biglang nagdamdam dahil parang hindi natuwa ang katipan sa bigla niyang pagsulpot. "G-galit ka?"

Natigilan ang lalaki, bumahid ang guilt sa mukha. "Of course not." He carressed her cheek affectionately. "Marami lang talaga akong inaasikaso ngayon kaya medyo hindi kita nabibigyan ng panahon," anitong apologetic.

Nasubhan ang anumang tampo niya rito. "It's okay, sweetheart. Pumunta ako rito para magpasama sa designer natin. I'm going to fit the gown."

"I see..."

"My letters, you're reading them again? O balak mo nang sunugin ang mga ito?" tanong niyang nakangiti.

"Of course not. I'm just reminiscing..."

Muling gumawi ang tingin niya sa dibdib ni William. Talagang mas lumapad at naging matipuno iyon. Hindi niya maalalang ganito ka-sexy ang

lalaking minamahal.

"Naging seryoso ka na yata sa pagwo-work out sa gym?" komento ni Steph.

"Para lalo kang ma-in love sa akin," tila nagpapatawa nitong tugon.

"You don't need to do that, I'm already so much in love with you." Sumubsob siya sa katawan nito at tila mahihibang siya sa sensasyong dulot ng pagkakakanlong niya sa malapad nitong dibdib. "Hmm… you're wearing a different cologne," komento niya nang mapansing iba ang amoy ng cologne nito sa dating nakasanayan na niya.

"And you like it?"  tila nag-aalangang tanong nito.

She felt herself blushing a little. "Yes," aniyang tumingin dito.

"I'm glad you like it."

Habang nagsasalita ang katipan, napatitig naman siya sa mga labi nito. Bakit ngayon ay tila nakakatakam ang mga iyon? True, malakas ang atraksyon ng katipan sa kanya mula pa noon, pero hindi tulad ngayon. Mapatitig lang dito ay sobra nang makalusaw-buto.

Natagpuan niyang titig na titig din ito sa kanyang mga labi. Biglang sumikdo ang dibdib ni Steph. Napansin niya ang matinding pag-asam sa mukha nito na sana ay mahalikan siya. She wondered what was stopping him.

Unti-unting lumapit ang mukha ni William sa kanya at naramdaman niya ang banayad na hininga nito sa pisngi niya at kakaibang kilig ang biglang nanalaytay sa buo niyang katawan.

Naglambitin siya sa leeg ng katipan para i-encourage itong gawin ang gusto. Napapikit siya nang gumawi ang mga labi ni William sa kanyang bibig. Pinakiramdam niya ang nakaliliyong dulot ng mapusok na pagkiskis ng mga labi nito sa mga labi niya at hindi pa nakuntento, ipinasok ang dila upang lasahan ang loob ng kanyang bibig…

Nagulat siya. Parang hindi si William ang kahalikan niya.

But she brushed the thought away, she knew it was ridiculous to feel that way.

Then suddenly, William pulled away. She looked at him in wonder.

“W-what’s wrong?” takang tanong niya.

He let out a deep sigh, sa mga mata nito ay tila nasasalamin niya ang labis-labis nitong pagpipigil sa nararamdaman.

“Nothing. I was just afraid we might get carried away,” anito. “Magbibihis na ako.”

Tahimik na sinundan na lang niya ng tanaw ang katipan.

NAKAPIRING siyang dinala ni William sa gilid ng pool. Ang halimuyak ng mabagong pagkain ang sumalubong kay Stephanie.

Maingat na tinanggal nito ang panyong tumatabing sa kanyang mga mata.

“Surprise!” sambit nito.

Napatitig siya sa pagkaing nakahapag sa mesang bilog. “Wow!” gulat niyang sabi. Nagutom siya bigla sa mga nakita. “Saang restaurant mo ‘yan binili?”

He looked hurt. “I cooked the food myself.”

“Ows?” Ayaw pa rin niyang maniwala.

“It’s true!” nagmamalaking tugon ng binata. “Ako lahat nagluto niyan.”

Takang napatitig siya kay William.

"Kailan ka pa natutong magluto?" Buong pagkakaalam niya ay hindi marunong magluto si William. Magprito nga lang ng itlog ay nasusunog pa nito. Kaya laking pasasalamat daw nito nang makatagpo ito ng magiging partner in life na masarap magluto.

Bahagyang natigilan ang lalaki. "Oh..." Napakamot ito ng ulo. "M-medyo nag-aral kasi ako magluto n'ung nasa States ako. Naisip ko kasi na kailangang matuto na ako dahil malapit na tayong ikasal. Hindi naman puwedeng ikaw na lang lagi ang gumagawa ng gawaing bahay. Siyempre gusto ko naman na ako ang magsilbi sa 'yo once in a while, di ba?"

Na-touch siya sa sinabi nito. Biglang pumaimbulong sa nakabukas na CD player ang theme song nila. "Sweetheart, naririnig mo ba 'yon?" excited niyang tanong.

Blangko ang ekspresyon ni William. "Ang alin?"

Nilakasan niya pa ang volume niyon para makuha nito ang ibig niyang sabihin.

*How did you know?*

*I needed someone like you in my life*

*and there was an empty space in my heart.*

*You came at the right time in my life*

*I'll never forget how you brought the sun to shine in my life*

*and took all the worries and fears that I have*

*I guess what I'm really trying to say*

*It's not everyday that someone like you comes my way*

*No words can express how much I love you...*

Inosenteng nagkibit ito ng balikat. "Oh, you mean the song?"

Nabura ang ngiti ni Steph sa labi, disappointed sa naging reaksyon nito. Nakalimutan na ba nitong ang awiting iyon? Ito pa nga ang nag-suggest na maging theme song nila iyon?

"N-nakalimutan mo na?" di-makapaniwalang tanong niya. Nagtataka siya sa lalaki. Maaari bang ang mga memorable na bagay ay basta-basta na

lang nakakaligtaan?

"Ang alin?" inosenteng balik nito.

Kung magtatampo siya ay sobrang kababawan naman iyon. Marahil ay marami lang iniisip ang katipan kaya may mga bagay itong nalilimutan, pagbibigay-katuwiran niya.

Umiling siya. "Nothing. It's not important."

Biglang ngumiti si William at hinagkan siya sa ilong. "Binibiro lang kita. Oo na, naririnig ko na ang theme song natin."

Tumulis ang nguso ni Steph. "Ikaw talaga, lagi mo akong inaasar!" Tuluyan na siyang nangiti.

"Makakalimutan ko bang favorite song mo 'yan kaya naging theme song natin?"

Nabura ang ngiti niya sa mga labi. Tama ba ang narinig niya? Favorite niya ang song kaya naging theme song nila? Hindi yata niya matandaang ganoon ang pangyayari.

Pero bago pa siya makapag-comment ay payakap siyang kinabig ni William. Nagsimulang hagurin nito ang likod niya. Dumampi ang maiinit nitong labi sa kanyang leeg na nagdulot sa kanya ng nakakapanlambot na sensasyon.

Kaya ang tungkol sa theme song nila ay tuluyan na niyang nakalimutan. Pero bago pa siya tuluyang madala sa nakalalangong sensasyong dulot ng ginagawa sa kanya ng katipan ay pabirong itinulak niya ito at nagpahabol.

“Come and get me!” nanunuksong sigaw niya.

Sunod kaagad si William.

Napatili siya nang maabutan siya sa gilid ng pool. He playfully pulled her towards him then kissed her long and hard.

Habol niya ang hininga nang tantanan siya nito sa paghalik.

“You’re such a good kisser, sweetheart.” Hinaplos niya ang pisngi nito. Gusto sana niyang sabihin dito na iba ito kung humalik ngayon. Mas passionate at mas sensual. Pero hindi na lamang niya isinatinig.

O baka naman imagination lang niya ang lahat? Baka naman dahil sa papalapit na ang wedding nila ni William kaya kung anu-ano ang pumapasok sa isip niya?

“Why don’t we change into our swimsuits?” biglang suhestyon ni William, hawak siya sa baywang. Parang gilalas pa ito na kayang-kayang hawakan sa

dalawang kamay ang napakaliit na baywang niya.

He looked at her affectionately for a minute. Pagkatapos ay napailing na tila sinasaway kung anuman ang biglang pumasok sa isip at sa halip ay hinaplos na lamang nito ang kanyang pisngi.

"Mauna ka nang magpalit at susunod ako."

Nakangiting tumalima si Steph. Habang papasok sa bahay ay iniisip niya kung alin sa kanyang mga bathing suits ang kanyang isusuot.

Ang kulay dilaw niyang one-piece swimsuit ang napili niyang suutin.

Nang bumalik siya sa swimming pool ay wala pa rin si William. Nahagip ng kanyang mga mata ang rubber float na nakaahon malapit sa hagdang may stainless bar.

Kinuha niya ang malaking rubber float at lumusong sa tubig. Pagkatapos ay sumampa at padapang yumakap doon. Pumikit siya at hinayaang tangayin lamang ng mabining galaw ng tubig. Maya-maya lang ay narinig niya ang pag-ingit ng glass door at kasunod niyon ay ang mahinang pag-dive ng katipan sa tubig.

Nagulat siya nang tumaob ang sinasakyan

niyang rubber float.

"William!" hiyaw niya na nang makapangunyapit sa leeg nito ay humagikgik siya.

"Did I scare you?"  tanong nito, his brown eyes alight with amusement.

Ngumiti siya at hinayaan niya itong dalhin pa siya sa gitna ng pool.

Their bodies were locked together. Ramdam niya ang init ng katawan nito sa kabila ng malamig na tubig ng pool.

She began to relax. Hindi na gaanong mahigpit ang pagkakakapit niya kay William.

Tinanggal ng lalaki ang mga bisig niyang nakayakap dito at hinawakan ang mga kamay niya.

"Race you!" anito at bibitaw sana sa mga kamay niya, pero maagap niya itong pinigilan.

"Have you forgotten, sweetheart?" gulat na tanong niya.

William looked puzzled. "Ang alin?"

Ridiculous na tinitigan niya ang lalaki. "I can't swim!"

Bahagyang natigilan ang katipan bago bumunghalit ng tawa. “Oo nga pala.” Nagkamot ng noo. “Mukhang tumatanda na ako. Maybe I need to drink *Sustagen Prime*!”

Nahawa na rin siya sa tawa ng katipan, but in the back of her mind ay nagtataka siya sa mga napapansin niyang kakaiba dito.

SA WHITE PLAINS, matapos makapag-dinner ay inumpisahan na nila ang draft para sa wedding program nila at ipinagpatuloy ang paglista ng mga invited guests. Doon sila gumawa dahil isinasangguni pa sa parents nito ang iba pang mga guests dahil baka may makalimutang isama.

Maagang naulila sa mga magulang si Stephanie at nag-iisa na lang siya sa buhay. Napakalaking blessing nga para sa kanya na magiging bahagi na siya ng pamilya ng katipan.

Malalim na ang gabi nang matapos sila. Inihatid na siya ni William.

Sumandig siya sa upuan ng kotse at naghikab. “I’m dead tired…”

Naaawang hinagud-hagod nito ang buhok niya.

"You can take a nap, gigisingin na lang kita kapag nasa bahay na tayo."

Ngunit hindi na siya ginising ni William. Namalayan na lang niyang kinukumutan na siya nito sa kanyang higaan. Nakatulog siyang may ngiti sa mga labi.